Vol.04
Tagalog

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



2019.10

## Idaraos ang “OTA *Fureai* Fiesta 2019”!

Idaraos ang pinakamalaking kaganapan sa Ota City, ang “OTA Fureai *Fiesta* 2019”. Tiyak na buong araw na mawiwili ang inyong pamilya sa kaganapang ito! Hinihikayat namin kayong dumalo kasama ng mga inanyayahang kaibigan at kakilala!






### Paksa ngayong taon

Bilang paghahanda para sa Tokyo Olympic and Paralympic Games 2020 ng darating na taon, magkakaroon ng stage event ng mga top athletes. Magkakaroon din ng trial session ng “hockey”, larong idaraos sa Ota City, at iba pa.
*Maaaring magbago ang nilalaman.

**Kailan**
Ika-2 (Sabado) at ika-3 (Linggo) ng Nobyembre, 2019
10:00 am ~ 4:00 pm
Matutuloy kahit umambon. Hindi matutuloy kung bumagyo.

**Magkano**
Libre

**Para sa mga katanungan**
Cultural Promosion Division Cultural Projects Section
☎ 03-5744-1226　FAX03-5744-1539

**Saan**
May apat na lugar:

- Water Area (Boat Race Heiwajima Ota-ku Heiwajima 1-1-1)
  Magtatanghal ng mga hero show at magtitinda ng mga kilalang produkto sa bawat lugar. Magkakaroon din ng parada ng mga mikoshi [portable shrine].
- Sun Area (Heiwajima Park Ota-ku Heiwajima 4-2-2)
  Ang area na ito ay para sa aktibong gawain tulad ng sports trial, athletics atbp. Magtatanghal din mga trak ng bumbero atbp.
- Green Area (Heiwa-no-mori Park Ota-ku Heiwanomori Koen 2-1)
  Ang theme ng area na ito ay kapaligiran. Magkakaroon ng free market at tindahan ng mga punong-hardin.
- Furusato-no-Hamabe Area (Omori Furusato-no-Hamabe Park Furusatonohamabe Koen 1-1)
  Magkakaroon ng tindahan ng mga lutuin ng iba’t ibang bansa, stage para sa international exchange, at iba pa. Maaari ring sumubok ng beach sports sa tabing-dagat.

## Workshop para Kilalanin ang Mundo

Magkakaroon ng pagbabasa ng larawang-aklat sa iba’t ibang wika at workshop tulad ng paggawa ng handicraft atbp., 2 beses sa isang araw – sa umaga at hapon. Tingnan ang website para sa mga detalye.





**Kailan**
Ika-2 ng Nobyembre, 2019 (Sabado)
①11:00 am ~ 12:00 pm
②1:30 ~ 2:30 pm

**Saan**
Omori Nori-no-furusato Museum (sa Furusato-no-Hamabe Area ng OTA *Fureai* Fiesta 2019)

**Magkano**
Libre

**Para sa mga katanungan**
General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982
E-mail　info@ota-goca.or.jp
URL　https://www.ota-goca.or.jp/

**Ilang tao**
Naunang 30 katao sa session ① at 20 katao sa session ②
Para ito sa mga estudyante ng elementarya pababa.
Kailangan ng aplikasyon, ngunit maaaring sumali sa mismong araw (first-come-first-served) kung hindi umabot ng 30 katao ang aplikante. Maaari ring sumama ang magulang/tagapag-alaga. (Hindi kabilang sa 30 katao ang magulang/tagapag-alaga)

**Paraan ng aplikasyon**
Mag-aplay gamit ang application form sa website ng asosasyon. O kaya ay ipadala sa pamamagitan ng FAX, e-mail, o dalhin sa asosasyon ang application form na nasa likod ng leaflet. Maaari ring i-download ang application form mula sa website.
Huling araw ng aplikasyon: Ika-23 ng Oktubre (Miyerkules)

## Magsisimula ang aplikasyon para sa pagpasok sa licensed daycare center mula Abril 2020

Ang panahon ng pagtanggap ng aplikasyon para sa unang screening ng mga papasok sa licensed daycare center mula ika-1 ng Abril, 2020 ay: ika-1 ng Oktubre (Martes) – ika-29 ng Nobyembre (Biyernes).
Ang deadline ng aplikasyon sa pagpasok sa daycare center para sa mga batang ipapanganak mula ika-15 ng Nobyembre 2019 (Biyernes) hanggang ika-18 ng Pebrero 2020 (Martes) ay: ika-6 ng Enero 2020 (Lunes). Tatanggap pa rin ng aplikasyon pagkatapos ng bawat deadline, ngunit hindi ito kabilang sa unang screening.
Para sa mga detalye, tingnan ang "Gabay sa Aplikasyon sa Pagpasok Sa Daycare Center" (Ipinapamahagi sa lugar ng aplikasyon. Maaari ring kunin mula sa website ng Ota City.)

### Subject

Mga magulang/tagapag-alaga na hindi kayang alagaan ang anak sa bahay dahil sa pagtatrabaho (maaari rin ang paghahanap ng trabaho), pagkakasakit, panganganak, pag-aalaga sa matanda/pag-aalaga sa maysakit, pag-aaral at iba pang dahilan.

### Sistema ng Reserbasyon para sa Pagpasok sa Daycare Center pagkatapos ng Childcare Leave

Mayroong sistema ng reserbasyon para sa pagpasok sa daycare center ng mga batang 0 taong gulang.

### Panahon ng Aplikasyon

- Unang bahagi ng 2020: Ika-1 ng Oktubre (Martes) – ika-21 ng Oktubre (Lunes)
  <Batang ipinanganak mula ika-2 ng Abril, 2019 – ika-1 ng Oktubre, 2019>
- Pangalawang bahagi ng 2020: Ika-1 ng Abril, 2020 (Miyerkules) – ika-20 ng Abril (Lunes)
  <Batang ipinanganak mula ika-2 ng Oktubre, 2019 – ika-1 ng Abril, 2020>

Para sa mga detalye, tingnan ang "Gabay sa Aplikasyon sa Pagpasok sa Daycare Center".

### Paraan ng aplikasyon

Dalhin ang kinakailangang dokumento sa lugar ng aplikasyon (hindi maaaring ipadala sa koreo)
*Tumatanggap lamang ng ipapasang dokumento sa mga Area Office. Mangyaring makipag-ugnayan sa Nursery Services Division para sa mga detalye.
*Tatanggap ng aplikasyon sa Nursery Services Division sa Sabado at Linggo: ika-26 ng Oktubre (Sabado), ika-17 ng Nobyembre (Linggo) 9:00 am ~ 4:00 pm. Maaari ring kumonsulta sa nursery services adviser.

### Lugar ng aplikasyon

Nursery Services Division Nursery Usage Support Section
Social Welfare Division Consultation Section ng bawat Area Office ☎03-5744-1280
*Omori: Omori-Nishi 1-12-1 ☎03-5843-1028
*Chofu: Yukigaya Otsuka 4-6 ☎03-3726-0791
*Kamata: Kamata Honcho 2-1-1 ☎03-6715-8800
*Kojiya / Haneda: Higashi-Kojiya 1-21-15 ☎03-3741-6521

**Para sa mga katanungan**
**Nursery Services Division Nursery Usage Support**
**☎ 03-5744-1280 FAX 03-5744-1715**
**URL https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/kodomo/hoiku**

## Paunawa tungkol sa Orientation para sa Aplikasyon sa Paggamit ng After-school Care ng mga Bata para sa School Year 2020

Magkakaroon ng orientation tungkol sa aplikasyon sa paggamit ng after-school care para sa mga nais gumamit nito mula Abril 2020.

### Subject

Mga nais gumamit ng after-school care mula Abril 2020
*Planong simulan ang pagpapamahagi ng "Gabay ukol sa After-school Care" sa ika-18 ng Oktubre (Biyernes) sa bawat pasilidad ng after-school care.
*Ang panahon ng pagtanggap ng aplikasyon para sa after-school care ay mula ika-6 ng Nobyembre (Miyerkules) hanggang ika-4 ng Disyembre (Miyerkules).

### Kailan

Isasagawa ito sa bawat pasilidad ng after-school care sa loob ng panahon: ika-18 ng Oktubre (Biyernes) – ika-2 ng Nobyembre (Sabado). Itanong na lamang ang araw at oras sa bawat pasilidad. Maaari ring kumpirmahin sa website ng Ota City.

### Saan

Bawat pasilidad ng after-school care


### Paraan ng aplikasyon

Hindi kailangan ng aplikasyon para sa orientation

**Para sa mga katanungan**
**Childcare Support Division Childcare Support Section**
**☎ 03-5744-1273 FAX 03-5744-1525**

## Ota Health Points Project

Gamit ang smartphone, makakatanggap ng points sa pamamagitan ng paggawa ng aksyon upang pangalagaan ang kalusugan sa araw-araw na pamumuhay, paglahok sa mga kaganapan na kaugnay ng kalusugan at sports, pagsailalim sa medical check-up, atbp. ng mga nakatira o nagtatrabaho sa Ota City na may edad na 18 pataas, at maaaring ipagpalit ang points sa premyo sa pamamagitan ng raffle. Maaari ring sumali gamit ang cardboard. Mawiwili habang pinapangalagaan ang kalusugan. Libre ang pagdownload ng app.
Bukod dito, magpapamahagi sa smartphone ng mga impormasyon na nakakatulong sa pangangalaga ng kalusugan.




Susuportahan ang mga gawaing pangkalusugan gamit ang app!

### Kailan

Planong simulan sa Disyembre

### Paraan ng aplikasyon/Lugar ng aplikasyon

Magbibigay ng paunawa sa website ng Ota City atbp. mula Nobyembre.

**Para sa mga katanungan**

**Health Care Management Division**
**☎ 03-5744-1661　FAX 03-5744-1523**
**E-mail　kenko@city.ota.tokyo.jp**

## Japanese Class "Magbasa tayo ng mga handout ng paaralan"

Ito ay Japanese class para magkaroon ng kakayahan sa wikang Hapon na bumasa ng mga handout mula sa paaralan. Gagamitin ang mga "Balita tungkol sa baitang" at "Paunawa tungkol sa mga kaganapan" ng elementary school bilang materyal sa pagtuturo, at pag-aaralan ang basa at ibig sabihin ng mga salitang ginagamit sa paaralan, at kung paano hanapin ang mahalagang bahagi. Matututunan din ang mga patakaran at kaganapan sa elementary school sa Japan, kaya't sumali na kung may anak na papasok pa lamang sa elementarya.

### Kailan

Ika-21 at ika-28 ng Oktubre, ika-11, ika-18 at ika-25 ng Nobyembre, 2019 (Lunes) 10:00 am ~ 12:00 am (5 beses sa kabuuan)

### Saan

Global City Ota Cooperation Association Meeting Room (Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility)

### Magkano

Libre

### Ilang tao

15 katao (mula sa naunang aplikante)
Mga dayuhang magulang/tagapag-alaga na nakatira sa Ota City. Nakakabasa ng *hiragana* at *katakana*. Kayang makipag-usap sa wikang Hapon.

### Paraan ng aplikasyon

Mag-aplay sa pamamagitan ng application form sa website ng asosasyon. O kaya ay dalhin o ipadala sa fax o e-mail ang application form sa likod ng leaflet. Maaari ring i-download ang application form mula sa website.

**Para sa mga katanungan**

**General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association**
**☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982**
**E-mail　info@ota-goca.or.jp**
**URL　https://www.ota-goca.or.jp/**

## Nakapagbayad na ba ng resident tax?

Ang deadline ng ika-3 bahagi ng pagbabayad ng Ward inhabitant tax/ Metropolitan inhabitant tax (Resident Tax) ay ika-31 ng Oktubre.
Pakibayaran ito bago ang deadline. Ang deadline ng ika-4 bahagi ng pagbabayad ay ika-31 ng Enero, 2020. Hinihingi namin na huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad ng tax, tingnan ang website ng Ota City.

**Para sa mga katanungan**

**Tax Payment Division**
**☎ 03-5744-1205　FAX 03-5744-1517**

# Pakinggan natin ang "Talumpati sa Wikang Hapon" (Nagtitipon ng mga tagapakinig)


Magtatalumpati sa wikang Hapon ang mga dayuhang nakatira, nagtatrabaho o nag-aaral sa Ota City tungkol sa kanilang naramdaman sa pamumuhay sa Japan. Alamin natin mula sa talumpati ang saloobin ng mga dayuhan at kung ano ang kanilang pangarap habang namumuhay sa Japan. May oras din para sa pakikisalamuha ng mga nagtalumpati at mga tagapakinig. Hinihikayat namin kayong dumalo.



| | |
|---|---|
| **Kailan** | Ika-1 ng Disyembre 2019 (Linggo) 1:30 pm ~ 4:00 pm |
| **Saan** | Ota City Residents Hall (Aprico) Exhibition Room (Ota-ku Kamata 5-37-3) |
| **Magkano** | Libre |
| **Paraan ng aplikasyon** | Direkta lamang na magpunta sa venue. |
| **Para sa mga katanungan** | General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association<br>☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982<br>E-mail info@ota-goca.or.jp<br>URL https://www.ota-goca.or.jp/ |

# Munting Internasyonal na Pakikipagtulungan





Nagsasagawa ng aktibidad para sa internasyonal na pakikipagtulungan sa pamamagitan ng pangongolekta ng mga bagay sa paligid na hindi na kailangan. Ang mga nakolektang bagay ay ihahandog sa mga organisayong nagsasagawa ng mga aktibidad para sa internasyonal na pakikipagtulungan, at gagamitin ang mga ito para suportahan ang mga taong naghihirap sa mga umuunlad na bansa sa Asya, Aprika atbp. Kung may mga bagay na hindi na kailangan o itinabi nang hindi ginagamit sa bahay, huwag itong itapon at sa halip ay ipagkaloob sa amin. Hinihingi namin ang inyong pakikipagtulungan.

### Mga bagay na kinokolekta

Nagamit na selyo (stamp), postcard na nagkamali ang sulat, barya ng ibang bansa, atbp.

### Paraan ng pakikipagtulungan

Dalhin o ipadala sa pamamagitan ng koreo sa address na nakasulat sa "Para sa mga katanungan". May ilang paalala tungkol sa pagpapadala, kaya't kumpirmahin ito sa website.

### Mga organisasyon kung saan ihahandog ang kontribusyon

- Specified Non-profit Organization Good Neighbors Japan (GNJP)
  URL http://www.gnjp.org/
- Public Interest Incorporated Association Japan Overseas Christian Medical Cooperative Service (JOCS)
  URL http://www.jocs.or.jp/

| | |
|---|---|
| **Para sa mga katanungan** | General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association<br>Address 〒143-0023 Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility 4F<br>☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982<br>E-mail info@ota-goca.or.jp<br>URL https://www.ota-goca.or.jp/ |

**Ang "Ota City Navigation" ay inilalathala ng Global City Ota Cooperation. Association simula ng fiscal year 2019.**
Tagapaglathala General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
〒143-0023 Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility 4F
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 URL https://www.ota-goca.or.jp/

Pakiabot sa amin ang inyong mga opinyon at puna sa pamamagitan ng e-mail.
E-mail info@ota-goca.or.jp